# *Perpektong mga Tao na Maaari Mong Makasamang Paglingkuran ang Dios*

***"17 At baka iyong sabihin sa iyong puso, Ang aking kapangyarihan at ang lakas ng aking kamay ang siyang nagbigay sa akin ng kayamanang ito. 18 Kundi iyong aalalahanin ang Panginoon mong Dios, sapagka't siya ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihan upang magkaroon ka ng kayamanan; upang kaniyang papagtibayin ang kaniyang tipan na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, gaya nga sa araw na ito." (Deutronomio 8:17-18 KJV)***

Ang pananalapi ay isa sa pinakamahalagang mga bagay sa buhay ng isang tao, pamilya, at ng simbahan at ng ministeryo. Ang mga lalaking sumama kay David at inalalayan siya bilang hari pagkatapos ni Saul, na itinalaga ng Dios ay hindi magagawang alalayan siya at paglingkuran ang Dios kasama niya kung hindi nila kayang ssuportahan ang kanilang sarili. Ating basahin ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa kanila:

***"1 Ang mga ito nga ang nagsiparoon kay David sa Siclag, samantalang siya'y nagkukubli pa dahil kay Saul na anak ni Cis: at sila'y nasa mga makapangyarihang lalake, na kaniyang mga katulong sa pakikipagdigma. 2 Sila'y nasasakbatan ng mga busog, at kanilang ginagamit kapuwa ang kanang kamay at kaliwa sa pagpapahilagpos ng mga bato, at sa pagpapahilagpos ng mga pana mula sa busog; sila'y sa mga kapatid ni Saul sa Benjamin. 3 Ang pinuno ay si Ahiezer, saka si Joas, na mga anak ni Semaa na Gabaathita; at si Jeziel, at si Pheleth, na mga anak ni Azmaveth; at si Beraca, at si Jehu na Anathothita; 4 At si Ismaias na Gabaonita, na makapangyarihang lalake sa tatlongpu, at pinuno ng tatlongpu; at si Jeremias, at si Jahaziel, at si Joanan, at si Jozabad na Gederathita; 5Si Eluzai, at si Jeremoth, at si Bealias, at si Semarias, at si Sephatias na Haruphita; 6 Si Elcana, at si Isias, at si Azareel, at si Joezer, at si Jasobam, na mga Corita: 7 At si Joela, at si Zebadias, na mga anak ni Jeroham na taga Gedor. 8 At sa mga Gadita ay nagsihiwalay na nagsilakip kay David sa katibayan sa ilang, ang mga makapangyarihang lalaking may tapang, na mga lalaking bihasa sa pakikidigma, na makahahawak ng kalasag at sibat; na ang mga mukha nila ay gaya ng mga mukha ng mga leon, at sila'y maliliksing gaya ng mga usa sa mga bundok; 9 Si Eser ang pinuno, si Obadias ang ikalawa, si Eliab ang ikatlo; 10 Si Mismana ang ikaapat, si Jeremias ang ikalima; 12 Si Attai ang ikaanim, si Eliel ang ikapito; 12 Si Johanan ang ikawalo, si Elzabad ang ikasiyam; 13 Si Jeremias ang ikasangpu, si Machbani ang ikalabingis. 14 Ang mga ito sa mga anak ni Gad ay mga pinunong kawal ng hukbo; ang pinakamaliit ay katimbang ng isang daan, at ang pinakamalaki ay ng isang libo. 15 Ang mga ito ang nagsitawid sa Jordan sa unang buwan, nang apawan ang lahat niyang mga pangpang; at kanilang pinatakas ang lahat na sa mga libis, ang sa dakong silanganan, at gayon din ang sa dakong kalunuran. 16 At nagsiparoon ang ilan sa mga anak ni Benjamin at ni Juda sa katibayan kay David. 17 At si David ay lumabas na sinalubong sila, at sumagot at nagsabi sa kanila, Kung kayo'y nagsisiparitong payapa sa akin upang tulungan ako, ang aking puso ay malalakip sa inyo: nguni't kung upang pagliluhan ako sa aking mga kaaway, dangang walang kasamaan sa aking mga kamay, masdan ng Dios ng ating mga magulang, at sawayin. 18 Nang magkagayo'y ang Espiritu ay dumating kay Amasai, na siyang pinuno ng tatlongpu, at sinabi niya, Iyo kami, David, at para sa iyo, ikaw anak ni Isai: kapayapaan, kapayapaan ang sumaiyo, at kapayapaan ang sumaiyong mga katulong; sapagka't tinutulungan ka ng iyong Dios. Nang magkagayo'y tinanggap ni David sila, at ginawa silang mga pinunong kawal ng pulutong. 19 Sa Manases naman ay nagsihilig ang ilan kay David, nang siya'y pumaroong kasama ng mga Filisteo laban kay Saul upang bumaka: nguni't hindi nila tinulungan sila: sapagka't pinapagpaalam siya ng mga panginoon ng mga Filisteo sa payo na sinasabi, Siya'y mahihilig sa kaniyang panginoong kay Saul sa pamumuhunan ng ating mga ulo. 20 Sa pagparoon niya sa Siclag, ay nagsihilig sa kaniya mula sa Manases, si Adnas, at si Jozabad, at si Jediaiel, at si Michael, at si Jozabad at si Eliu, at si Sillethai, na mga pinunong kawal ng mga lilibuhin na nasa Manases. 21 At kanilang tinulungan si David laban sa pulutong ng mga magnanakaw: sapagka't silang lahat ay mga makapangyarihang lalake na may tapang, at mga pinunong kawal sa hukbo. 22 Sapagka't araw-araw ay may naparoon kay David upang tumulong sa kaniya, hanggang sa naging malaking hukbo, na gaya ng hukbo ng Dios. 23 At ito ang bilang ng mga ulo nila na mga may sandata na handa sa pakikidigma, na nagsiparoon kay David sa Hebron, upang ibalik ang kaharian ni Saul sa kaniya, ayon sa salita ng Panginoon. 24 Ang mga anak ni Juda na nagsisihawak ng kalasag at sibat ay anim na libo at walong daan, na may mga sandata sa pakikipagdigma. 25 Sa mga anak ni Simeon, na mga makapangyarihang lalake na may tapang na handa sa pakikipagdigma, pitong libo at isang daan. 26 Sa mga anak ni Levi ay apat na libo at anim na raan. 27 At si Joiada ang tagapamatnugot ng sangbahayan ni Aaron, at kasama niya'y tatlong libo at pitong daan; 28 At si Sadoc, na isang binatang makapangyarihan na may tapang, at sa sangbahayan ng kaniyang magulang ay dalawang pu at dalawang pinunong kawal. 29 At sa mga anak ni Benjamin, na mga kapatid ni Saul, tatlong libo: sapagka't ang kalakhang bahagi sa kanila ay nagsisipagingat ng kanilang pakikipagkasundo sa sangbahayan ni Saul. 30 At sa mga anak ni Ephraim, dalawang pung libo at walong daan, na mga makapangyarihang lalaking may tapang, mga bantog na lalake sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang. 31 At sa kalahating lipi ng Manases ay labing walong libo, na mga nasaysay sa pamamagitan ng pangalan, upang magsiparoon at gawing hari si David. 32 At sa mga anak ni Issachar, na mga lalaking maalam ng mga panahon, upang matalastas kung ano ang marapat gawin ng Israel; ang mga pinuno sa kanila ay dalawang daan; at ang lahat nilang kapatid ay nasa kanilang***

***utos. 33 Sa Zabulon, yaong mga makalalabas sa hukbo, na makahahanay sa pagbabaka na may sarisaring kasangkapang pangdigma, ay limangpung libo; at makapagaayos sa hanay sa pagbabaka, at hindi nagaalinlangan ang loob. 34 At sa Nephtali ay isang libong pinunong kawal, at may kasama silang mga may kalasag at sibat na tatlong pu't pitong libo. 35 At sa mga Danita na makahahanay sa pagbabaka ay dalawangpu't walong libo at anim na raan. 36 At sa Aser, yaong mga makalalabas sa hukbo, na makahahanay sa pagbabaka, apat na pung libo. 37 At sa kabilang dako ng Jordan, sa mga Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahating lipi ni Manases, na may sarisaring kasangkapang pangdigma sa pakikipagbaka, isang daan at dalawangpung libo. 38 Lahat ng mga ito na mga lalaking mangdidigma na makahahanay sa pagbabaka, ay nagsiparoong may sakdal na puso sa Hebron, upang gawing hari si David sa buong Israel: at ang lahat na nangalabi sa Israel ay nagkaisang loob din naman upang gawing hari si David, 39 At sila'y dumoong kasama ni David na tatlong araw, na kumain at uminom: sapagka't ipinaghanda sila ng kanilang mga kapatid. 40 Bukod dito'y silang malapit sa kaniya, sa makatuwid baga'y hanggang sa Issachar, at Zabulon at Nephtali, ay nagsipagdala ng tinapay na nasa ibabaw ng mga asno, at ng mga kamelyo, at ng mga mula, at ng mga baka, mga pagkaing harina, at mga binilong igos, at mga buwig ng pasas, at alak, at langis, at mga baka, at mga tupa na sagana: sapagka't may kagalakan sa Israel." (1 Cronica 12:1-40 KJV)***

Mula sa itaas na talata matutunan natin at mapapagpasyahan ang ilang mahahalagang puntos ng kung paanong maging sakdal sa paglilingkod sa Dios:

***1. <u>Sila'y mga armado</u>: "at sila'y nasa mga makapangyarihang lalake, na kaniyang mga katulong sa pakikipagdigma. 2 Sila'y nasasakbatan ng mga busog, at kanilang ginagamit kapuwa ang kanang kamay at kaliwa sa pagpapahilagpos ng mga bato, at sa pagpapahilagpos ng mga pana mula sa busog; sila'y sa mga kapatid ni Saul sa Benjamin 24 Ang mga anak ni Juda na nagsisihawak ng kalasag at sibat ay anim na libo at walong daan, na may mga sandata sa pakikipagdigma. 34 At sa Nephtali ay isang libong pinunong kawal, at may kasama silang mga may kalasag at sibat na tatlong pu't pitong libo. 37. At sa kabilang dako ng Jordan, sa mga Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahating lipi ni Manases, na may sarisaring kasangkapang pangdigma sa pakikipagbaka, isang daan at dalawangpung libo." (1 Cronica 12:1-2, 24, 34, 37 KJV)*** Binigyan ng Panginoon ang mga tao ng bilang ng mga kakayahan at sila'y makapangyarhang mga lalaki at katulong ni David. Sila rin ay armado, Sila'y may sariling mga busog kalasag, at sibat, at sari saring kasangkapan sa pakikidigma.. Ang Dios, na nagbigay sa kanila ng mga kasanayan, ay nagbigay din sa kanila ng mga kasangkapang kailangan upang magsagawa ng ministeryo. May mga tao at simbahan na nakikipag-ugnayan sa akin at gustong sumali sa ministeryo ng simbahan. Sila ay labis na talento at mataas ang kasanayan ngunit kapag sinimulan kong makipag-ugnayan sa kanila, natutuklasan kong sila'y nahuhumaling sa materyal na bagay at mga benepisyong salapi. Kaya't ganap kong napagpasyahan na sila ay sumasali sa Simbahan ng Dios upang tuparin ang maling motibo. Ang mga ganitong tao at ministeryo o simbahan ay hindi kailanman magiging pagpapala sa simbahan. Sila ay parasitiko at masamang patotoo sa iba na nanggugulo sa iba upang abusuhin ang mga yaman ng simbahan.

***2. <u>Sila'y malusog at ganap na biniyayaan</u>: "na ang mga mukha nila ay gaya ng mga mukha ng mga leon, at sila'y maliliksing gaya ng mga usa sa mga bundok;" (1 Cronica 12:8 KJV)*** ang mga manggagawang tunay na nais maglingkod, nagagawang masiyahan sa mabuting kalusugan at ang mga manggagawa, na talagang nais maglingkod, ay nagagalak sa magandang kalusugan at binyayaan ng Dios. May mga simbahan na nakikipag-ugnayan sa akin at kapag nagsimula akong magpadala sa kanila ng mga turo, upang ituro sa kanila ang tamang gawin, humihingi sila sa akin ng pagkain na kanilang kakainin. Ang mga lingkod ng Dios ay hindi mamamatay dahil sa gutom. Kung sila ay nahaharap sa kakulangan at kagutoman, nangangahulugan ito na hinahatulan ng Dios ang kanilang mga kasalanan. Ngayon, ang mga manggagawa at simbahan, na humihingi ng pagkain upang pakainin sila, ay nangangailangan ng pagsisisi higit pa sa pagkain at inumin, at kailangan nating turuan silang umasa sa Dios at tanggapin ang Kanyang pagpapala. Ang mga taong ito ay nagkukunwaring nagmamalasakit sa mga ulila at balo, ngunit sa katotohanan, ninanakaw nila ang pagkain na nararapat sa mga ulila at pinalalaki ang kanilang sariling imbakan ng butil.

Hindi ko sinasabi na hindi natin dapat tulungan ang mahihirap. Wala akong ibig sabihin doon. iminumungkahi sa atin na tulungan ang mga mahihirap at pakainin ang mga nagugutom. Kailangan nating maglaan ng bahagi para sa mga mahihirap. ***"10 Ang kanila lamang hinihiling ay aming alalahanin ang mga dukha; na ang bagay ring ito'y aking pinagsisikapan gawain." (Galacia 2:10 KJV) "33 At ilalagay niya ang mga tupa sa kaniyang kanan, datapuwa't sa kaliwa ang mga kambing. 34 Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan: 35 Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy; 36 Naging hubad, at inyo akong pinaramtan; ako'y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; ako'y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan. 37 Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauuhaw, at pinainom ka? 38 At***

***kailan ka naming nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka? 39 At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka namin? 40 At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa." (Mateo 25:33-40 KJV) "29 Sapagka't iniisip ng ilan, na sapagka't si Judas ang may tangan ng supot, ay sinabi ni Jesus sa kaniya, Bumili ka ng mga bagay na ating kailangan sa pista; o, magbigay siya ng anoman sa mga dukha." (Juan 13:29 KJV)*** Kailangan nating tulungan ang mga mahihirap na kasama natin at gawin ang ating tungkulin sa kanila bilang ginagawa natin iyon sa Panginoon. Ngunit sa mga nagnanais lumahok sa simbahan upang mapakain lamang ay hindi tapat kung makakaya nilang kumita ng sarili nilang ikabubuhay. Isa panahon nakatanaggap ako ng email mula sa batang ministro na nag aanyaya sa akin na mangaral sa isang krusada. Nagpasalamat ako sa kanya para sa kanyang paanyaya at sinabi ko sa kanya na kinakailangan kong marinig ang tinig ng Dios upang tanggapin ito. Patuloy kaming naguusap at ginawa kong maunawaan niya na ang aking pokus ay hindi lamang sa pag eevangelismo kundi sa pagdidisipulo ng mga tao ayon sa Kasulantan. Nagpadala ako ng mga artikulo at turo sa kanya, Kasabay nito, ang lalaki na ito ay may koneksyon at komunikasyon sa ibang mga ministeryo. Nang lumapit na ang panahon at hindi ako nakikilahok sa krusada, sinabi niya sa akin na ipadala ang aking kontribusyon. Nagpadala ako sa kanya ng isa sa aking mga libro upang basahin at pag-aralan upang makilala niya ang paraan ng aming ministeryo. Nang siya ay tumugon na kaya niyang isalin ito, sinabi ko sa kanya na basahin muna ito at talakayin ito sa akin upang linawin ang mga puntos na hindi niya nauunawaan bago niya isalin ito. Iyon na ang huling pagkakataon na narinig ko siya. Handa niyang isalin ang libro ngunit hindi siya handang basahin at pag-aralan ito. Gusto niyang isalin ito upang humingi ng pondo. Ang nais kong ipahayag ay ang mga dumadating at humihingi ng pagkain at pera ay may kailangan sila. Gusto lang nilang makahanap ng madaling solusyon sa pamamagitan ng pagsasamantala sa iba sa ngalan ng paglilingkod sa Dios. Ito ay magiging labis na nakasasama kung isasama ang mga ganitong tao sa simbahan at bibigyan sila ng tungkulin sa ministeryo, na naniniwala akong sa huli'y magpapahintulot sa katiwalian na pumasok sa simbahan.

***3. <u>Sila'y hindi dumating upang magtaksil</u>:*** Kailangan talaga nating maghintay sa Dios na magsugo ng tamang mga tao upang maging bahagi ng ministeryo gaya sa kaso ni David na nagtatag ng magiginting na mga hukbo ng makaDios na kalalakihan. ***"22 Sapagka't araw-araw ay may naparoon kay David upang tumulong sa kaniya, hanggang sa naging malaking hukbo, na gaya ng hukbo ng Dios." (1 Cronica 12:22 KJV)*** Kung hindi tayo maghihintay sa Dios, ngunit gagawin ang ating pansarili, Tiyak na mahuhuli tayo ng maling tao na magkakanulo sa atin. Ngunit kung maghihintay tayo sa Dios na dalhin sa atin ang tamang tao, sila ay magiging yaman sa ministeryo ng simbahan sa pagtatayo ng simbahan at pagdidisipulo at magdadala sila ng kapayapaan. ***"17 At si David ay lumabas na sinalubong sila, at sumagot at nagsabi sa kanila, Kung kayo'y nagsisiparitong payapa sa akin upang tulungan ako, ang aking puso ay malalakip sa inyo: nguni't kung upang pagliluhan ako sa aking mga kaaway, dangang walang kasamaan sa aking mga kamay, masdan ng Dios ng ating mga magulang, at sawayin. 18 Nang magkagayo'y ang Espiritu ay dumating kay Amasai, na siyang pinuno ng tatlongpu, at sinabi niya, Iyo kami, David, at para sa iyo, ikaw anak ni Isai: kapayapaan, kapayapaan ang sumaiyo, at kapayapaan ang sumaiyong mga katulong; sapagka't tinutulungan ka ng iyong Dios. Nang magkagayo'y tinanggap ni David sila, at ginawa silang mga pinunong kawal ng pulutong." (1 Cronica 12:17-18 KJV)***

***4. <u>Sila'y dumating at alam nila kung ano ang kailangan nilang gawin</u>***: Dumating sila upang ibalik ang kaharian ni Saul kay David. Maliwanag ang kanilang isipan at lubos nilang batid sa pananaw ng Dios: ***"23 At ito ang bilang ng mga ulo nila na mga may sandata na handa sa pakikidigma, na nagsiparoon kay David sa Hebron, upang ibalik ang kaharian ni Saul sa kaniya, ayon sa salita ng Panginoon." (1 Cronica 12:23 KJV)*** Ang Simbahan ng Dios ay magpapatuloy kasama ng mga ipinadala ng Dios sa simbahan upang maglingkod at hindi lamang para sa sariling kasiyahan.

***5. <u>Sila'y may kaalaman sa panahon</u>: "32 At sa mga anak ni Issachar, na mga lalaking maalam ng mga panahon, upang matalastas kung ano ang marapat gawin ng Israel; ang mga pinuno sa kanila ay dalawang daan; at ang lahat nilang kapatid ay nasa kanilang utos." (1 Cronica 12:32 KJV)*** Kung maghihintay tayo sa Dios, Bibigyan Niya tayo ng mga taong tutulong sa atin na gumawa ng tamang pasya sa bawat pangyayari, Kung ang mga taong may maling prayoridad at motibo ay lumahok sa simbahan, patuloy silang magpapalito sa atin sa kanilang maling mungkahi at damdamin at susubukan nilang pigain ang pera mula sa kaban ng simbahan upang ipahayag ang kanilang maling motibo at layunin.

***6. <u>Sila'y dumating na may sakdal na puso</u>: "33 Sa Zabulon, yaong mga makalalabas sa hukbo, na makahahanay sa pagbabaka na may sarisaring kasangkapang pangdigma, ay limangpung libo; at makapagaayos sa hanay sa pagbabaka, at hindi nagaalinlangan ang loob. 38 Lahat ng mga ito na mga lalaking mangdidigma na makahahanay sa pagbabaka, ay nagsiparoong may sakdal na puso sa Hebron, upang gawing hari si David sa buong Israel: at ang lahat na nangalabi sa Israel ay nagkaisang loob din naman upang gawing hari si David," (1 Cronica 12:33, 38 KJ)*** Nangangailangan sila ng tamang pinuno upang

pangunahan sila at makamit ang layunin ng Dios sa kanilang buhay. Nakilala nila si David bilang itinakda at pinahiran ng Dios upang maging kanilang pinuno.

***7. Sila'y responsible sa paglaan sa kanilang paglalakbay at pananatili:. "39 At sila'y dumoong kasama ni David na tatlong araw, na kumain at uminom: sapagka't ipinaghanda sila ng kanilang mga kapatid. 40 Bukod dito'y silang malapit sa kaniya, sa makatuwid baga'y hanggang sa Issachar, at Zabulon at Nephtali, ay nagsipagdala ng tinapay na nasa ibabaw ng mga asno, at ng mga kamelyo, at ng mga mula, at ng mga baka, mga pagkaing harina, at mga binilong igos, at mga buwig ng pasas, at alak, at langis, at mga baka, at mga tupa na sagana: sapagka't may kagalakan sa Israel." (1 Cronica 12:39-40 KJV)*** Kapag dinala sa atin ng Dios ang mga tamang tao, magiging responsable sila sa kanilang sariling gastusin. Hindi ko sinasabi na hindi natin dapat suportahan ang kanilang mga paglalakbay o mga gastos sa pananatili, ngunit dapat silang maging sapat na responsable na gumastos mula sa kung ano ang ibinigay ng Dios.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ngayon suriin ang mga puntong nabasa natin tungkol sa mga lalaking sumali sa hukbo ni David at tingnan kung gaano karami ang kailangan mong trabahuhin sa iyong sarili upang maging perpektong tao sa pagsisilbi sa Dios at sa paggawa ng Kanyang kalooban.

***1. Sila'y armado:*** Ginagamit mo ba ang lahat ng ibinibigay sa iyo upang maging maayos na nabiyayaan, handa at masagana upang pagsilbihan ang Dios kasama ang Simbahan ng Dios?
***2. Sila'y malusog at ganap na biniyayaan:*** Ginagamit mo ba ang lahat ng ibinibigay sa iyo upang muling mapunan ang iyong sarili at ang mga nasa ilalim ng iyong pangangalaga, upang maging handa at maayos na nakahanda para sa paglilingkod sa Dios at sa direksyon na Kanyang ibinibigay sa iyo?
***3. Sila'y hindi dumating upang magtaksil:*** Malinis ba ang iyong puso at tapat na tao at ibig na makipagtulungan sa mga tinawag ng Dios upang pangunahan ka?
***4. Sila'y dumating at alam nila kung ano ang kailangan nilang gawin:*** Maayos ka bang nakasabihan at may kamalayan sa kung ano ang kailangan mong gawin?
***5. Sila'y may kaalaman sa panahon:*** Pinahahalagahan at nauunawaan mo ba ang pagkakataon na ibinigay sa iyo ng Dios at ang mga kinakailangang yaman na ibinigay Niya sa iyo upang idirekta ang mga ito sa Kanyang layunin?
***6. Sila'y dumating na may sakdal na puso:*** Ang puso mo ba ay perpekto at ikaw ay nasa ganap na pagsunod sa Salita ng Dios at sa Kanyang kalooban?
***7. Sila'y responsable sa paglaan ng kanilang paglalakbay at pananatili:*** Ikaw ba ay isang responsableng tao at handang gamitin ang iyong mga yaman upang hindi ka maging pasanin kundi isang pagpapala sa iba?

Manalangin tayo…

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita ma nagturo sa aking mga daan upang maging sakdal. Panginoon salamat para sa lahat ng mga kayamanan na ibiigay mo sa akin upang ibigay ang aking pangangailangan para at gawin akong pagpapala sa iba at mabunga ang aking paglilingkod at ministeryo.*

*Lumapit ngayon sa Dios at magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong masamang katiwala at hindi paggamit ng iyong mga kayamanan sa direksyon na nais mong maging sila. Magsisi at talikuran ang paggamit sa ministeryo at serbisyo ng Dios para sa kita. Magsisi sa pagsasamantala sa iba at sa mga yaman ng simbahan. Magsisi at linisin ang iyong puso mula sa pagmamahal sa mga materyal na bagay, makamundo, inggit at pagibig sa kapangyarihan at pagibig sa pera. Magsisi sa iyong kawalang kakahayang magdusa para kay Cristo, paglingkuran Siya at sumunod sa Kanyang kalooban at plano na mayroon Siya para sa iyo. Magsisi sa iyong kawalang kahandaang tumulong sa mga mahihirap at nangangailangan. Panginoon, ako'y nagsisisi at tinatalikuran ang mga sumusunod na kasalanan* ________________.

*Panginoon Ipinagkatiwala ko ang aking sarili sa aral na tinanggap ko sa mensaheng ito, upang gamitin ang kayamanan na binigay mo sa akin nang matalino upang paglingkuran ka, at ihanda ang aking sarili upang maging pagpapala sa iba at sa iyong simbahan. Panginoon Ipinagkatiwala ko ang aking sarili upang linisin ang aking puso mula sa sumusunod na maling motibo at alintuntunin sa paglilingkod sa iyo na labag sa iyong kalooban at sa iyong plano* ____________________________________________________________.

*Panginoon Ipinagkatiwala ko ang aking sarili na gawin ang sumusunod ng mabubuting gawain na ipinakita mo sa akin na gawin para sa iyo at paglingkuran ka* ______________________________________________________________. *Panginoon Ipagkatiwala ko na maging perpekto ayon sa iyong Salita upang maging mabuting halimbawa para sa iba upang sundin ka. Panginoon Handa akong yumaon at mag evangelio at abutin ang bagong tao sa mabuting balita ni Jesus.*

*Panginoon, salamat para sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang baguhin ang kanilang mga daan at pasakdalin ang kanilang sarili upang maging kapaki-pakinabang masagana at epektibong mga lingkod mo. Panginoon gamitin ang kanilang buhay at kayamanan para sa iyong layunin at kaluwalhatian. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang kailangan. Panginoon lutasin ang kanilang ang mga suliranin at patuloy na gabayan sila upang patuloy na paglingkuran ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan na patuloy na magpatuloy at gawin ang mga gawain mo. Panginoon nagpapasalamat kami para sa bawat at isa manggagawa na idinagdag mo at ibinigay sa iyong simbahan. Panginoon itaas kami ng iyong biyaya at awa at puspusin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu upang patuloy na ipangaral ang iyong Salita at ng iyong kalooban sa mga tao. Panginoon idagdag sa amin ang bagong mga manggagawa upang punan ang bakanteng lugar sa iyong simbahan at ministerio. Panginoon pangunahan kami upang makilala at makatrabaho ang mga tapat na tao, at Panginoon, gawin mong perpekto ang bawat isa sa amin upang ang aming mga buhay ay maging mabunga at kaaya-aya sa iyo. Panginoon, patnubayan mo kami upang tulungan ang mga nangangailangan. Panginoon, bigyan mo kami ng mga Espiritwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at mangaral, at gumawa ng mga disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa upang yumaon at magtanim ng higit pang mga pag-aaral sa Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com